

**Apendiks A: SIBLEY MEMORIAL HOSPITAL (LAMANG) MGA
PROBISYON NG TULONG PINANSYAL NA PARTIKULAR SA MGA
REGULASYON NG DC
APENDIKS A**

SIBLEY MEMORIAL HOSPITAL (LAMANG)

**MGA PROBISYON NG TULONG PINANSYAL NA PARTIKULAR SA MGA
REGULASYON NG DC**

LAYUNIN:

Ang layunin ng APENDIKS na ito ay upang ipahayag ang mga karagdagang probisyon na maipatutupad sa Sibley Memorial Hospital upang makasunod sa mga kahingian ng District of Columbia sa walang bayad na pangangalaga gaya ng inilalarawan sa Titulo 22, Kabanata 44 ng Mga Regulasyong Munisipal ng DC. Para sa mga pasyenteng hindi nakakatugon sa mga pamantayan ng pagiging karapat-dapat para sa Walang Kabayaranang Pangangalaga, magbibigay ang Sibley Memorial Hospital (SMH) ng tulong pinansyal sa pamamagitan ng pagpapatupad ng sliding scale na pag-aakma sa kabuuang singil alinsunod sa Patakaran PFS035.

PATAKARAN:

Magsasagawa ang SMH ng pagsisikap na may mabuting layunin upang makapagbigay ng mga serbisyong walang kabayaran sa taunang antas ng pagsunod na iniaatas ng seksyon 4404 ng Kabanata 44 ng Mga Regulasyong Munisipal ng District of Columbia, Titulo 22 “Probisyon ng Walang Kabayaranang Pangangalaga.”

Hindi sa anumang kaganapan magkakait ang SMH ng mga serbisyong pang-emerhensiya sa kahit na sino batay sa kawalan ng kakayahan ng taong magbayad para sa mga serbisyo. Maaaring i-discharge ng SMH ang isang taong nakatanggap ng mga serbisyong pang-emerhensiya o maaari nilang ilipat ang tao sa ibang pasilidad kapag, sa makatuwirang paghuhusga ng naaangkop na tauhang medikal, ang naturang aksyon ay clinically appropriate at nasa pinakamahasag na interes ng pasyente at ospital.

Magkakaloob ang SMH ng Walang Kabayaranang Pangangalaga alinsunod sa Seksyong 4400.2 ng Kabanata 44 ng Mga Regulasyong Munisipal ng District of Columbia, Titulo 22, “Pagkakaloob ng Walang Kabayaranang Pangangalaga,” sa mga taong karapat-dapat. Ang walang kabayaranang pangangalaga na ipagkakaloob ay ibabatay sa mga patakaran ito o mga pananagutan sa kontrata sa pagitan ng Sibley at ng Pamahalaan ng District of Columbia, alinmang pamantayan ang nagbibigay ng mas mataas na halaga ng dolyar

Ang Walang Kabayaranang Pangangalaga ay binibigyang kahulugan sa batas na namamahala sa mga sertipiko ng mga pangangailangan (DC Code 44-401 sa seksyon ng mga pakahulugan). Ipinapakahulugan ng batas ang Walang Kabayaranang Pangangalaga bilang halaga ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa mga pasyente kung saan hindi nakatanggap ng bayad ang pasilidad ng pangangalagang pangkalusugan. Ang terminong “Walang Kabayaranang Pangangalaga” ay kinabibilangan ng masamang utang at kawanggawang pangangalaga, ngunit hindi kinabibilangan ng mga kaluwagan sa kontrata.

Ang masamang utang ay isang account receivable batay sa doktor at mga serbisyong medikal ng ospital na ibinigay sa isang pasyente para kung saan ay may inaasahang bayad, ngunit itinuring bilang hindi na makokolekta, kasunod ng mga makatuwirang pagsisikap na makolekta ito; at hindi ang obligasyon ng anumang yunit ng pamahalaang pederal, ng estado, o lokal. Ang terminong masamang utang ay hindi kinabibilangan ng kawanggawang pangangalaga.

Ang Kawanggawang Pangangalaga ay nangangahulugan ang doktor at mga serbisyong medikal ng ospital na ipinagkakaloob sa mga taong hindi makapagbayad para sa halaga ng mga serbisyo, lalo na iyong mga taong may mababang

Apendiks A: SIBLEY MEMORIAL HOSPITAL (LAMANG) MGA PROBISYON NG TULONG PINANSYAL NA PARTIKULAR SA MGA REGULASYON NG DC

kita, walang insurance at kulang sa insurance, ngunit hindi kasama ang mga serbisyong natukoy bilang idinulot ng, o ikinategorya bilang, masamang utang.

MGA PAMANTAYAN PARA SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT SA WALANG KABAYARANG PANGANGALAGA

Ang isang tao ay karapat-dapat sa walang kabayaran pangangalaga kung ang tao ay hindi makapagbayad para sa mga serbisyong pangkalusugan at natutugunan niya ang sumusunod na mga kahingian:

1. Hindi sakop, o tumatanggap ng mga serbisyong hindi sakop, sa ilalim ng isang third party na insurer o programa ng pamahalaan;
2. May taunang indibidwal o pampamilyang kita na hindi hihigit sa 200% ng Pederal na Antas ng Kahirapan (Federal Poverty Level, FPL); at
3. Humihiling ng mga serbisyo.

Ang pinansyal na pagiging karapat-dapat sa Walang Kabayaran Pangangalaga ay kakalkulihin sa pamamagitan ng alinman sa mga sumusunod na paraan:

1. Pagmu-multiply sa apat (4) ng indibidwal o pampamilyang kita ng tao, gaya ng naaangkop, para sa tatlong (3) buwan bago ang Kahilingan para sa Walang Kabayaran Pangangalaga; o
2. Paggamit sa aktwal na kita ng tao o pamilya, gaya ng naaangkop, para sa labindalawang (12) buwan bago ang Kahilingan para sa Walang Kabayaran Pangangalaga.

MGA HALAGANG KARANIWANG SINISINGIL

Ang mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may insurance (amounts generally billed, “AGB”) ay kakalkulihin gamit ang “pamamaraang pagbabalik-tanaw” na ipinapakahulugan bilang lahat ng paghahabol sa pangangalagang pang-emerhensiya at iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga na binayaran nang buo sa ospital ng Medicare at lahat ng pribadong insurer ng kalusugan na magkasama bilang mga pangunahing tagapagbayad ng mga paghahabol na ito, kung saan ay isinasaalang-alang sa bawat kaso ang mga halagang babayaran sa ospital sa anyo ng coinsurance o deductibles. Kakalkulihin ng SMH ang (mga) porsyento ng AGB nang hindi bababa sa taun-taon sa pamamagitan ng pagsusuri sa lahat ng paghahabol na binayaran nang buo sa panahon ng nagdaang 12 buwan. Kapag natukoy na, ang (mga) porsyento ng AGB ay ipapatupad nang hindi lalampas ng 45 araw matapos ang pagtatapos ng panahon ng 12 buwan.

Ang mga indibidwal na karapat-dapat sa tulong pinansyal ay hindi aasahang magbayad ng mas malaki para sa pangangalagang pang-emerhensiya o iba pang medikal na kinakailangang pangangalaga kaysa sa mga halagang karaniwang sinisingil sa mga indibidwal na may mga insurance na sumasakop sa naturang pangangalaga.

TAUNANG KAHINGIAN NG WALANG KABAYARANG PANGANGALAGA

Para sa layunin ng patakaran at APENDIKS na ito, ang Walang Kabayaran Pangangalaga na ipagkakaloob sa SMH ay

kakalkulihin gaya ng sumusunod: Taunang antas ng pagsunod:

1. Isang halagang hindi bababa sa tatlong (3%) porsyento ng taunang gastos sa pagpapatakbo ng SMH, na babawasan ng halaga ng mga isinauling bayad na natatanggap nito mula sa Titulo XVIII at XIX ng Social Security Act (Medicaid at Medicare), nang hindi isinasaalang-alang ang mga kaluwagan sa kontrata. Bilang dagdag, susunod ang SMH sa anumang mga obligasyon sa walang kabayaran pangangalaga na iniaatas alinsunod sa Batas sa isang naunang CON.
2. Kung sa alinmang taon ng pananalapi nabigo ang SMH na tugunan ang taunang obligasyon nito sa walang kabayaran pangangalaga, pagsisikapang nitong magkaloob ng walang kabayaran pangangalaga sa halagang sapat upang makabawi sa kakulangan sa kasunod na taon o mga taon, alinsunod sa isang plano sa pagsunod na inaprubahan ng State Health and

Apindik A: SIBLEY MEMORIAL HOSPITAL (LAMANG) MGA PROBIYON NG TULONG PINANSYAL NA PARTIKULAR SA MGA REGULASYON NG DC

Planning Development Agency (na mula rito AY SHPDA) ngunit hindi lalampas ng tatlong (3) taon matapos ang taon kung kailan naganap ang pagkukulang.

3. Kapag nagkaloob ang SMH ng walang kabayaran pangangalaga sa loob ng isang taon ng pananalapi na may halagang lampas sa taunang antas ng pagsunod nito, maaaring hilingin ng SMH na ipatupad ng Direktor ang labis na halaga bilang kredito sa isang umiiral na kakulangan o sa taunang antas ng pagsunod nito para sa alinmang kasunod na taon ng pananalapi. Upang maging karapat-dapat sa isang kredito, ang labis na halaga sa dolyar na lampas sa taunang antas ng pagsund ay dapat ipinagkaloob alinsunod sa mga kahingian ng kabanatang ito.

NAKASULAT NA PAGPAPASYA UKOL SA PAGIGING KARAPAT-DAPAT PARA SA WALANG KABAYARANG PANGANGALAGA

1. Ang SMH ay magbibigay ng nakasulat na paunawa ukol sa kapasyahan nito sa pagiging karapat-dapat para sa Walang Kabayaran Pangangalaga bilang tugon sa bawat kahilingan para sa Walang Kabayaran Pangangalaga sa taong humihiling ng pangangalaga. Personal na ibibigay ang paunawa sa panahong hiniling ang Walang Kabayaran Pangangalaga o sa pamamagitan ng regular na koreo sa address na ibinigay ng taong humihiling ng serbisyo. Kapag hindi available ang tao upang personal na tumanggap ng paunawa at wala siyang ibinigay na address, maaaring ipaskil ng SMH sa pasilidad nito, sa isang lugar na madaling makita, ang isang paunawa na makukuha na ang katayuan ng pagiging karapat-dapat ng taong iyon sa opisina ng pangasiwaan ng Sibley.
 1. Ang Senior Vice President/ Chief Financial Officer ay responsable sa pagpapatupad ng patakaran ito. Maghahanda siya ng plano sa alokasyon na tumutugon sa mga kahingian ng mga regulasyon at susubaybayan niya ang pagpapatupad nito. Ang Senior Vice Presidente/ Chief Financial Officer ay maghahansa ng ulat sa SHPDA sa loob ng 120 araw matapos ang pagsasara ng bawat taoj ng pananalapi. Gagawing available para sa publiko at i-uulat sa SHPDA ang mga dokumentong sumusuporta sa pagpapasya ng Sibley. Ang mga naturang dokumento ay pananatilihin ng Senior Vice President/ Chief Financial Officer nang limang (5) taon mula sa petsa ng huling pagpapasok para sa isang partikular na taon ng pananalapi. Pana-panahong bibigyan ng kaalaman ang Presidente at Ingat-yaman ng Lupon kaugnay ng pagsunod ng Sibley sa patakaran.
 2. Kapag ang isang aplikasyon ay isinumite bago ang pagkaloob ng serbisyo, gagawa ng kapasyahan ang SMH kaugnay ng pagiging karapat-dapat sa Walang Kabayaran Pangangalaga sa loob ng limang (5) araw ng negosyo matapos ang kumpletong kahilingan para sa isang outpatient na serbisyo po bago ang discharge para sa serbisyong inpatient. Kung ang aplikasyon ay isinumite matapos na maibigay ng SMH ang mga serbisyong outpatient, o matapos i-discharge ang isang inpatient, magsasagawa ng pagpapasya ang SMH kaugnay ng pagiging karapat-dapat bago makumpleto ang susunod na billing cycle. Karaniwan, ang paunawa sa pagpapasya ay gagawin sa loob ng 5 araw matapos ang susunod na nakaiskedyul na pagpupulong ng Komite ng Pagtulong sa Komunidad. Maaaring maglabas ang SMH ng kondisyonal na kapasyahan sa pagiging karapat-dapat. Ang naturang pagpapasya ay magpapahayag ng mga kondisyon na kailangang tugunan ng taong humihiling ng walang kabayaran pangangalaga upang maging karapat-dapat.
 3. Ang bawat nakasulat na pagpapasya sa pagiging karapat-dapat sa Walang Kabayaran Pangangalaga ay kaagad na ibibigay sa aplikante. Ang bawat pagpapasya sa pagiging karapat-dapat sa Walang Kabayaran Pangangalaga ay maglalakip ng mga sumusunod na pahayag:
 1. Ang SMH ay magbibigay, nang may mga kondisyon, o hindi magbibigay ng Walang Kabayaran Pangangalaga;
 2. Na walang sisingilin para sa Walang Kabayaran Pangangalaga;
 3. Ang petsa kung kailan humiling ang tao ng pangangalaga;
 4. Ang petsa kung kailan nagawa ang pagpapasya;
 5. Ang taunang indibidwal o pampamilyang kita, gaya ng naaangkop, at laki ng pamilya ng taong humiling ng Walang Kabayaran Pangangalaga;
 6. Ang petsa kung kailan ang mga serbisyo ay ibinigay o ibibigay; at
 7. Ang dahilan ng pagkakait, kung naaangkop.

NAKALATHALANG PAUNAWA UKOL SA OBLIGASYON SA WALANG KABAYARANG PANGANGALAGA:

Apendiks A: SIBLEY MEMORIAL HOSPITAL (LAMANG) MGA PROBIYON NG TULONG PINANSYAL NA PARTIKULAR SA MGA REGULASYON NG DC

Bago ang simula ng taon ng pananalapi nito, ang SMH ay maglalathala ng paunawa sa pagkakaroon ng magagamit na obligasyon nito sa walang kabayaran pangangalaga sa isang diyaryong may pangkalahatang sirkulasyon sa District of Columbia. Magsusumite rin ang Sibley ng kopya ng naturang paunawa sa SHPDA. Ang Senior Vice Presidente/ Chief Financial Officer ay responsable sa paglalathala at pagsusumite ng paunawang ito. Ang paunawa ay dapat maglakip ng:

1. Halaga sa dolyar ng walang kabayaran pangangalaga na nilalayan ng SMH na gawing available sa loob ng taon ng pananalapi o isang pahayag na magkakaloob ang SMH ng walang kabayaran pangangalaga sa mga taong hindi kayang magbayad ng pagpapagamot na hihiling ng walang kabayaran pangangalaga;
2. Isang pagpapaliwanag ng pagkakaiba sa pagitan ng halaga ng walang kabayaran pangangalaga na iminumungkahing gawing available ng SMH at ng taunang antas ng pagsunod para sa Sibley, kung mayroon man; at
3. Isang pahayag na nagpapahiwatig kung natugunan ba ng SMH ang lahat ng hindi pa naibigay na obligasyon sa walang kabayaran pangangalaga mula sa mga nagdaang panahon ng pag-uulat, o isang pahayag na nagpapahiwatig na, sa loob ng isang partikular na saklaw ng panahon, tutugunan nito ang anumang obligasyong hindi pa nagagawa.

NAKAPASKIL NA PAUNAWA SA AVAILABILITY NG WALANG KABAYARANG PANGANGALAGA:

Magpapaskil rin ng isang paunawa na nag-aanunsyo ng pagiging available ng walang kabayaran pangangalaga na madaling makita, sa mga lugar ng pagpaparehistro ng mga pasyente, sa Admissions Department, sa Business Office at sa Emergency Room. Ipapaskil ng SMH ang sumusunod na paunawa:

1. “Sa ilalim ng batas ng District of Columbia, dapat gawing available ng tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan ang mga serbisyo nito sa lahat ng tao sa komunidad. Ang tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi pinahihintulatang magdiskrimina laban sa isang tao dahil sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, estado sibil, personal na hitsura, sekswal na oryentasyon, mga reponsibilidad sa pamilya, matrikula, politikal na pagkakaugnay, pisikal na kapansanan, pinagmumulan ng kita, o lugar ng tirahan o negosyo, o dahil ang isang taon ay sakop ng isang programa tulad ng Medicare o Medicaid.”
2. “Ang tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan ay inatasan din na magbigay ng makatuwirang dami ng mga serbisyo nang walang sinisingil o nang mas mababa ang sinisingil sa mga taong hindi kayang magbayad. Tanungin ang mga kawani kung karapat-dapat kang makatanggap ng mga serbisyong walang bayad o may mas maliit na bayad. Kung naniniwala kang pinagkaitan ka ng mga serbisyo o pagsasaalang-alang dahil sa pagtratong walang singil o nang mas maliit ang singil nang walang mabuting dhailan, makipag-ugnayan sa Admissions or Business Office ng tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan, tawagan ang Ahensiya ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Estado sa pamamagitan ng Call Center na sakop ang buong Lungsod sa 202-727-1000.”
3. “Kung nais mong magsampa ng reklamo, makakakuha ng mga form sa Ahensiya ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Estado.”

Ang paunawang ito ay maglalakip din ng buod ng mga pamantayan sa pagiging karapat-dapat ng Sibley para sa walang kabayaran pangangalaga. Ang naturang paunawa ay ilalathala sa wikang Ingles at Espanyol at sa alinmang iba pang wika na karaniwang wika ng mga sambahayang may sampung (10%) porsiyento o higit pa sa mga populasyon ng District of Columbia, ayon sa mga pinakabagong pigura na inilathala ng Kagawaran ng Senso. Ipapaalam ng Sibley ang nilalaman ng mga ipinaskil na paunawa sa sinumang tao na pinaniniwalan ng Sibley ay walang kakayahang basahin ang paunawa.

NAKASULAT NA PAUNAWA SA PAGIGING AVAILABLE NG WALANG KABAYARANG PANGANGALAGA:

Sa loob ng isang panahon sa taon ng pananalapi kung kailan makakagamit ng walang kabayaran pangangalaga sa SMH, ang SMH ay magbibigay ng nakasulat na paunawa sa pagiging available ng mga serbisyo sa bawat taong naghahangad ng mga

Apendiks A: SIBLEY MEMORIAL HOSPITAL (LAMANG) MGA PROBIYON NG TULONG PINANSYAL NA PARTIKULAR SA MGA REGULASYON NG DC

serbisyo mula sa ospital sa ngalan ng kanyang sarili o sa ngalan ng ibang tao. Ibibigay pa rin ng SM ang nakasulat na paunawang ito bago magkaloob ng mga serbisyo, maliban kung hindi na praktikal ang paunang pagpapaalam. Sa mga kalagayan ng emerhensiya, ibibigay ng SMH ang nakasulat na apunawa sa pasyente sa lalong madali na praktikal ito, o sa matalik na kamag-anak. Ang naturang paunawa ay ibibigay nang hindi lumalampas ng paghaharap ng unang bill ng mga serbisyo. Ang indibidwal na nakasulat na paunawang ito ay magbibigay ng sumusunod:

1. “Sa ilalim ng batas ng District of Columbia, ang tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan ay dapat gawing available ang mga serbisyo nito sa lahat ng tao sa komunidad. Ang tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan ay hindi pinahihintulatang magdiskrimina ng tao dahil sa lahi, kulay, relihiyon, bansang pinagmulan, kasarian, edad, estado sibil, personal na hitsura, sekswal na oryentasyon, mga responsibilidad sa pamilya, matrikula, politikal na pagkakaugnay, pisikal na kapansanan, pinagmumulan ng kita, o lugar ng tirahan o negosyo, o dahil ang isang toa ang sakop ng isang programa tulad ng Medicare o Medicaid.”
2. “Ang tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan ay inatasan din na magbigay ng makatuwirang dami ng mga serbisyo nang walang sinisingil o nang mas mababa ang sinisingil sa mga taong hindi kayang magbayad. Tanungin ang mga kawani kung karapat-dapat kang makatanggap ng mga serbisyong walang bayad o may mas maliit na bayad. Kung naniniwala kang pinagkaitan ka ng mga serbisyo o pagsasaalang-alang para sa pagpapagamot nang walang singil o nang may mas mababang singil nang walang mabuting dahilan, makipag-ugnayan sa Admissions o Business Office ng tagapagkaloob na ito ng pangangalagang pangkalusugan, at tawagan ang Ahensiya ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Estado sa pamamagitan ng call center para sa buong Lungsod sa 202-727-1000.”
3. “Kung nais mong magsampa ng reklamo, makakakuha ng mga form sa Ahensiya ng Pagpapalano at Pagpapaunlad ng Kalusugan ng Estado.”

Ang paunawang ito ay dapat may kasama ring buod ng mga pamantayan para sa pagiging karapat-dapat sa walang kabayaranang pangangalaga ng Sibley, lokasyon ng opisina kung saan maaaring humiling ng walang kabayaranang pangangalaga ang sinumang taong naghahangad ng walang kabayaranang pangangalaga, at ipahayag na dapat gumawa ng nakasulat na pagpapasya ang Sibley kaugnay ng kung makakatanggap ang tao ng walang kabayaranang pangangalaga o hindi, at ang petsa o panahong kung kailan isasagawa ang pagpapasya.

KAHULUGAN NG KOMUNIDAD NG SMH:

Ginagawa ng SMH ang mga serbisyo nito, kabilang ang mga serbisyong iniaatas sa ilalim ng mga kahingian sa walang kabayaranang pangangalaga ayon sa batas ng District of Columbia “sa lahat ng tao sa komunidad.” Sinasaklaw ng komunidad na ito ang mga taong naninirahan o nagtatrabaho sa lugar na pinagseserbisyuhan ng ospital o nangangailangan ng mga serbisyong pang-emerhensiya habang bumibisita sa lugar na pinagseserbisyuhan. Partikular na hindi saklaw ng Programa ng Pagtulong sa Komunidad ang mga taong humihiling ng mga elektibong serbisyo na malinaw na naninirahan sa labas ng lugar na pinagseserbisyuhan ng ospital.. Ang lugar na pinagseserbisyuhan ng ospital ay sumasaklaw sa District of Columbia at kalakhan ng Maryland at Virginia, nang may mga limitadong serbisyong ipinagkaloob sa West Virginia, Delaware, at Pennsylvania. Maaaring hilingin ng ospital sa aplikante na magbigay ng dokumentasyong nagpapakita ng pagsunot sa kahulugan ng ospital sa komunidad.

SANGGUNIAN:

Mga Regulasyong Munisipal ng DC Titulo 22 Seksyon 4404, 4405, at 4406